

Ang Aklatang Pusa
(The Cat Library)
Isinulat ni
Eugene Y. Evasco
Winner of CANVAS' Romeo Forbes Children's Storywriting Competition
Iginuhit ni Jared C. Yokte

Nagsimula ang lahat sa masukal na bakuran ni Aling Salvacion. Dahil laging madilim sa tahanan niya, tinatambakan ng mga tao ang lote ng sari-saring basura.

Takot sa tao si Aling Salvacion. Bibihira siyang lumabas kaya ‘di napapansin ang tambak ng basura sa bakuran. Mas nanaisin pa niyang makipaghuntahan sa mga aklat.







Isang hatinggabi, walang tigil ang salimbayang ngiyaw sa kaniyang bakuran. Napilitang lumabas ng tahanan si Aling Salvacion. Tinuklas niya kung saan nagmumula ang ingay.

May kumaluskos. Naggalawan ang mga tuyong dahon. Nang kaniyang lapitan, tumambad ang apat na kuting sa kahon ng sapatos.



Kahit hindi naging isang ina, lumitaw ang katangian niyang mapagkalinga. Lahat yata ng puso'y matutunaw sa nagsusumamong titig ng mga kuting.

Hindi niya alintanang mga itim na kuting ito. Pamahiin ng marami, nagdadala sila ng kamalasan. Dali-dali niyang kinuha ang kahon at dinala sa tahanan.









Doon nagsimula ang alamat. Kumalat ang balitang kung may nais kang iligaw na kuting, itapon mo sa masukal na bakuran sa kanto ng Pook Palaris. Doo'y may isang aleng kukupkop sa mga di kanais-nais na alagain.

May malagim na tsismis mula sa insidenteng iyon. Naglalako na raw ng mga siopao si Aling Salvacion sa Binondo.

Ang totoo, giliw na giliw si Aling Salvacion sa mga pusa. Ang dati niyang estante ng mga aklat ay napalitan ng mga pusa. Ang mga aparador, tokador, at kabinet ay naging mumunting silid ng sari-saring kuting. Namakyaw siya ng mga kahon nang mapag-alaman niyang mahilig sumiksik dito ang mga alaga.








Retiradong *librarian* si Aling Salvacion. Dahil sa kaniyang kaalaman, nakaisip siya ng paraan upang isaayos ang koleksiyon ng pusa. Hindi sila nakasalansan ayon sa taas, gaya ng ginagawa natin sa mga aklat.



Igrinupo niya ang mga pusa ayon sa edad, personalidad, karanasan, at natatanging talento. Sa isang pahina ng katalogo, makikita ang ilang tala:

*Miming, 3 buwan, itim at malambing*
*Bola-bola, 2 taon, pintor, mananayaw*
*Takipsilim, 6 (?) taon, bulag pero matalas*
*Daluyong, 7 buwan, antukin pero di batugan*
*Kahel, 2 linggo, mang-aawit*
*Jinky, 8 buwan, pilay ang isang binti*








Hindi naglaon, ginawang Aklatang Pusa ni Aling Salvacion ang kaniyang tahanan. Bukas ito sa sinumang nais manghiram ng mga "aklat." May mga pusang "*Room Use Only*." Sila ang mga pusang lihim niyang paborito.

May mga pusang maaaring hiramin ng ilang araw, linggo, o buwan, depende sa pangangailangan ng humihiram. May multa sa mga nahuhuling magsauli: isang kalderong paksiw, bakuna, isang boteng gatas, bolang estambre (iyong panggantsilyo), o kaya'y mga posteng pangkalmot.



Sa pagbubukas ng Aklatang Pusa, hinayaan ni Aling Salvacion na mahanap ng sinuman ang nababagay na pusa. Naniniwala siyang laging may katapat na tao ang isang pusa.

Isa sa unang bumisita sa Aklatang Pusa ay si Mr. Hernandez, ang may-ari ng Sa Tabi ng Dagat Seafood Restaurant. Naisip niyang manghiram ng pitong (dahil suwerteng numero) pusa na pantaboy sa daga at pang-akit sa suwerte.

Natapos ang hapon na nanghiram siya ng labing-isang sarikulay na pusa. “Lunas sila sa mga natitinik,” payo ni Aling Salvacion. “Ipahid mo lang ang kanilang paa sa lalamunan at malulusaw ang tinik.”







Nang sumunod na linggo, isang mag-anak ang bumisita sa Aklatang Pusa. Naghahanap sila ng bagong miyembro ng pamilya. Pagkaraan ng ilang oras, napili nila si Lobo. Nasa isang sulok lang ito. Gumagalaw lang kapag naghihikab o nag-iinat.

"Bakit tayo hihiram ng pusang malapit nang mamatay?" pagtataka ng anak.

Nasaktan si Aling Salvacion sa narinig. Wala na ba talagang halaga kapag nagkakaedad na?

Pinangaralan ng magulang ang anak. "Mas kailangan niya tayo para magkapamilya siya sa dapithapon ng kaniyang buhay." Nahiwagaan ngunit naliwanagan naman ang isipan ng bata.

Isang hapon, may bumisitang isang pintor. Dala ang kagamitan, nagtungo siya sa Aklatang Pusa upang maghanap ng inspirasyon. “Lilikha ako ng obra maestra,” pangako niya sa sarili.

Nang nilatag ng pintor ang kaniyang mga gamit, isang magaslaw na pusa ang lumublob sa mga lata ng pintura, nag-*ballet* sa kanbas, at saka nagmarka ng lagdang kalmot.

Nabigla ang pintor sa nasaksihan. Madumi, sabog, walang kaayusan ang mga nalikhang larawan ngunit may taglay itong rikit. “A, sining!” hiyaw niyang waring nakatuklas ng mamahaling hiyas.





Hiniram ng pintor ang pusang si Bola-bola. Batid ni Aling Salvacion na hindi na ito maibabalik pa. Sa ilang dekada niyang pagiging *librarian*, kilala na niya ang mga mukha ng mga hindi nagbabalik.




Kumalat ang reputasyon ng Aklatang Pusa sa Pook Palaris at sa mga karatig-lugar. Nariyan ang araw na dinayo ito ng dalawang bus ng mag-aaral upang matuto sa halaga ng pagsagip ng mga pusakal.

Nariyan ang humiling ang isang opisina ng dalawampu't isang pusa upang magbigay-aliw sa nabubugnot at naiinip nilang mga kawani. Sumigla ang mga empleyado nang naglaro't naglambing ang mga sorpresang pusa.

Nahilig sa aklat ang mga mag-aaral ng Cruz na Daan Elementary School dahil gawain nilang basahan ng kuwento ang mga pusa sa Aklatan.








Napabilis ang paggaling ng mga maysakit sa Santa Elena Municipal Hospital nang ipaglaban ng isang nars na nakakatulong sa mga pasyente ang isang pusa.

Maririnig ang mahinahong prrrrrrrrr ng pusang yakap ang maraming nagpapagaling.



Ngunit ang pinakamagandang nangyari sa Aklatang Pusa ay nang araw na makatagpo ng batang lumad na si Ugjab ang mabangis na pusang si Daluyong. Pareho silang naging palaboy sa lansangan. Kapwa silang nawalan ng mga magulang. Kilala nila ang kalupitan at dahas. Ngunit ngayo'y natagpuan na nila ang bagong tahanan, ang bagong kakalingang pamilya. At natagpuan nila ang isa't isa.

Unti-unting naglaho ang bangis ni Daluyong sa bawat haplos sa kaniya ng bata. Ilang oras silang nag-usap na wari bang matagal nang magkaibigan.

"Matagal ka na niyang hinihintay," bulong ni Aling Salvacion kay Ugjab.





Hindi na tambakan ng basura ang bakuran ni Aling Salvacion. Hindi na rin ito tapunan ng mga kuting. Marami mang hiniram na pusa ang hindi na naibalik, maligaya naman ang ating mahal na *librarian*.

Sa kung anong kalmot ng kapalaran, batid niyang ang mga dating sinagip na pusa ay siya na ngayong tagasagip sa sinumang nangangailangan.



Si **EUGENE Y. EVASCO** ay manunulat, editor, tagasalin, at iskolar ng mga aklat pambata. Kasalukuyan siyang propesor ng Malikhaing Pagsulat sa Kolehiyo ng Arte at Literatura ng Unibersidad ng Pilipinas sa Diliman. Siya ang may-akda ng mga premyadong aklat na *Ang Nag-iisa at Natatanging si Onyok*, *Anina ng mga Alon*, *Ang Sampung Bukitkit*, *Mga Pilat sa Pilak: Mga Personal na Sanaysay*, at *May Tiyanak sa Loob ng Aking Bag: Mga Tulang Pambata*. Isinalin niya sa Filipino ang *Charlotte's Web* ni E.B. White. Nagwagi siya noong 2014 ng UP Gawad sa Natatanging Publikasyon sa Filipino (Kategorya ng Malikhaing Pagsulat). Nailuklok siya sa Hall of Fame ng Carlos Palanca Award for Literature noong 2009 at kasalukuyang Fellow ng Likhaan: UP Institute of Creative Writing. Naging Research Fellow siya sa International Youth Library sa Munich, Germany noong 2016.

---

Si **JARED C. YOKTE** ay pintor at iskultor na nagtapos ng sining biswal sa University of Northern Philippines Vigan. Nais niyang mag-*graduate studies* pa ng sining biswal at disenyo sa Philippine Women's University. Nagtamo siya ng mga parangal, kabilang dito ang Luzon Jurors' Choice Award sa Philippine Art Awards 2014 at Grand Winner sa ArtPetron 2009. Nagkaroon na rin siya ng limang solong eksibit. Kasalukuyang nakatira si Yokte sa Tarlac kasama ang magandang asawa at anak, at ang kanilang pusang si Resi na mayroon na ngayong siyam na kuting.





1 million BOOKS

for One Million Filipino Children

*an art for development project of www.canvas.ph

CANVAS' **1 Million Books for One Million Filipino Children Campaign** aims to inspire in children a love for reading by donating its award-winning books to public schools, hospitals, and disadvantaged communities throughout the country.

*A child that reads is a creative, empowered, and imaginative child who will learn independently, envision a brighter future, and ultimately lead a productive and meaningful life.*

You can help us!
For more information, visit www.canvas.ph,
email **info@canvas.ph**, or find us on Facebook: **Center for Art, New Ventures and Sustainable Development**.

---

***CANVAS**, a non-profit organization, works with the creative community to promote children's literacy, explore national identity, and broaden public awareness of Philippine art, culture, and the environment.*

Isang hatinggabi, walang tigil
ang salimbayang ngiyaw
sa kaniyang bakuran.
Napilitang lumabas ng tahanan
si Aling Salvacion. Tinuklas niya kung saan
nagmumula ang ingay.

Nang kaniyang lapitan, tumambad ang
apat na kuting sa kahon ng sapatos.

---

CANVAS, a non-profit organization, works with the creative community
to promote children's literacy, explore national identity,
and broaden public awareness of Philippine art, culture, and the environment.

For more information, please visit **www.canvas.ph**
follow us at www.facebook.com/canvas.ph or email info@canvas.ph.

www.canvas.ph
creative possibilities. open conversations. meaningful change.

ISBN 978-971-9689-09-6

9 789719 689096

**CANVAS Stories.**
Real Life Told Beautifully.